

# Epektibidad ng mga Manipulativ na Kagamitang Pampagbasa sa Pagganap ng mga Mag-Aaral sa Filipino sa Baitang 8

**JOSHUA B. MANATAD**

Teacher I

Western Leyte College

Master of Arts in Education

Major in Filipino

joshua.manatad@deped.gov.ph

**Abstract** Ang pag-aaral na ito ay sinuri ang bisa ng mga manipulativ na kagamitang pampagbasa sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 8 sa Filipino sa Dr. Geronimo B. Zaldivar Memorial School of Fisheries sa Dibisyon ng Leyte. Ang mga resulta ng pag-aaral ay naging batayan para sa isang Plano ng Pagpapabuti. Ang iminungkahing disenyo ng pag-aaral ay true experimental. Epektibo ang estratehiyang ito dahil pinayagan nito ang mananaliksik na ihambing ang dalawang grupo: isa na gumamit ng mga manipulativ na materyales sa pagbasa at isa na gumamit ng mas tradisyonal na mga teknik sa pagbasa. Sa pamamagitan ng pagpili ng dalawang klase sa Baitang 8 mula sa iisang paaralan, natiyak na ang parehong grupo ay may magkatulad na demograpiko at antas ng talino, na tumulong upang ma-account ang mga panlabas na impluwensya. Habang ang kontrol na grupo ay sumunod sa regular na kurikulum nang walang mga materyales na ito, ang experimental na grupo naman ay isinama ang mga manipulativ na kagamitang pampagbasa sa kanilang mga klase. Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng pagsusuri ng pagkakaiba ng mga marka sa post-test ng control at experimental groups. Ipinapakita ng talahanayan ang mga resulta ng computed at critical t-values para sa parehong grupo matapos ang interbensyon ng manipulativ na kagamitang pampagbasa. Ang layunin ng pagsusuri na ito ay tuklasin kung may makabuluhang epekto ang paggamit ng mga manipulativ na kagamitan sa pagpapabuti ng pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 8 sa Filipino. Makikita sa talahanayan na ang computed t-value ng control group at ang critical t-value, kaya tinanggihan ang null hypothesis ( $H_0$ ) ng parehong grupo, ay nagmumungkahi ng makabuluhang pagkakaiba sa mga marka. Sa pagsusuri ng mga resulta ng post-test, ang control group ay nakakuha ng weighted mean na nagpapakita ng "Good" na pagganap. Gayunpaman, ang experimental group, na gumamit ng mga manipulativ na kagamitang pampagbasa, ay nakakuha ng mas mataas na weighted mean, na nagpapakita ng "Very Good" na pagganap. Ipinapakita ng mga datos na may malaking pagtaas sa pagganap ng mga mag-aaral sa experimental group kumpara sa control group pagkatapos ng paggamit ng mga manipulativ na kagamitang pampagbasa. Ang mga mag-aaral sa experimental group ay nakapapakita ng mas mataas na antas ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa sa mga teksto ng asignaturang Filipino, na nagpapahiwatig ng positibong epekto ng interbensyon.

Ang resulta sa Talahanayan 4 ay nagpapahiwatig na may makabuluhang epekto ang manipulativ na kagamitang pampagbasa sa pagpapabuti ng pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang mataas na computed t-value at ang desisyong tinanggihan ang null hypothesis ( $H_0$ ) ay nagpapakita na ang mga mag-aaral sa experimental group ay nagpakita ng makabuluhang pagtaas sa kanilang mga marka mula sa pre-test hanggang post-test. Ang mga mag-aaral sa experimental group ay nakamit ang "Very Good" na pagganap, samantalang ang control group naman ay nanatili sa "Good" na antas. Ipinapakita nito na ang mga manipulativ na kagamitan ay isang epektibong estratehiya sa pagtuturo na nakakatulong sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Filipino.

**Keywords — Epektibidad**

***manipulative na kagamitang pampagbasa filipino***

***baitang 8***

## I. PANIMULA

Sa konteksto ng pagtuturo ng asignaturang Filipino sa ika-walong baitang, ang kakulangan sa kasanayan ng pagbasa ay isang malaking suliranin. Ang pagbasa ay pundasyong kasanayan. Kung hindi ito mahuhubog nang wasto ay maaaring magdulot ito upang hindi rin makapagsulat nang maayos ang isang bata. Bilang guro, nakikita ko ang suliraning ito na unti-unting nagpapahina sa kakayahang matuto ng mga mag-aaral. Ito rin ay nagdudulot ng negatibong epekto sa pananaw ng mga mag-aaral sa konsepto ng pagkatuto.

Ang kakulangan sa kasanayan sa pagbasa ay nagiging sanhi upang ang ibang mag-aaral ay mapag-iwanan ng kanilang mga kaklase. Mababakas sa kanila ang kahirapan sa pag-unawa ng mga panuto at teksto. Ito ay napapatunayan sa mga pagsusulit na isinasagawa sa paaralan. Dahil hindi nila lubos na naiintindihan ang mga nakalimbag na salita sa mga pagsusulit, apektado ang kanilang marka na tuwirang nakakaapekto sa kanilang grado. Bukod pa rito, nagdudulot din ito ng pagbaba ng kanilang kumpyansa sa sarili lalong lalo na sa mga gawaing pampagbasa. Karaniwan ang tagpo na nahihiya silang bumasa sa klase o hindi kaya'y sumagot ng mga tanong na hango sa mga teksto. Ang problema ring ito ay nagiging dahilan upang mawalan ng gana ang mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto.

Ang pagpapaunlad ng makrong kasanayan sa pagbasa ay isa sa mga problemang kinakaharap ng sistema ng edukasyon ngayon. Lumalabas sa mga pag-aaral na ang malaking bahagdan ng populasyon ng mga mag-aaral ay hindi pa nahahasa ang komprehensyon. Sa konteksto ng aking pagtuturo ng Filipino sa ika-walong baitang, naiintindihan ko ang kahalagahan ng agarang paghahanap ng solusyon upang matugunan ang problemang ito na mas lalong nagpapahirap sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

Ang kakulangan sa kasanayan sa pagbasa ay nagdudulot ng hadlang sa proseso ng pagkatuto. Ang kasanayang ito ay kinakailangan upang maintindihan ng mga bata ang mga panuto ng guro. Dahil sa kahinaan sa komprehensyon, maraming mag-aaral ang nahihirapang matuto. Hindi nagiging makabuluhan ang pagkatuto dahil hindi nila naiintindihan ang mga konsepto na ipinapabasa ng guro. Bukod pa rito, nahahadlangan din nito ang konsepto ng sariling pagtuklas. Dahil hindi naiintindihan ng mga mag-aaral ang kanilang binabasa, hindi nila nagagamit ang "discovery learning" na makakatulong sana sa kanila kung marunong silang bumasa nang may komprehensyon.

Isang mahalagang pag-aaral ang isinagawa ni Cruz, J. A. (2016) na pinamagatang "Epektibidad ng mga Manipulativ na Kagamitang Pampagbasa sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Ikawalong Baitang." Sa kanyang pag-aaral, tinukoy ni Cruz ang epekto ng paggamit ng mga manipulativ na kagamitang pampagbasa, tulad ng mga interaktibong materyales at aktibidad, sa pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Filipino. Natuklasan sa kanyang pananaliksik na ang mga mag-aaral na gumagamit ng mga manipulativ na materyales ay nagpakita ng mas mataas na antas ng interes sa pagbasa at mas mahusay na pag-unawa sa mga tekstong binasa. Bukod dito, ang mga estudyanteng ito ay nagkaroon din ng mas mataas na kakayahan sa pagpapanatili ng impormasyon at pagpapalawak ng kanilang kritikal na pag-iisip. Ipinakita ng pag-aaral na ang paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo, tulad ng mga manipulativ, ay mahalaga upang mapabuti ang pakikilahok ng mga estudyante at ang mga resulta ng kanilang pag-aaral sa asignaturang Filipino.

Ang kakulangan ding ito ay nagdudulot ng hadlang sa proseso ng pagtuturo. Dahil hindi naiintindihan ng mga bata ang kanilang binabasa lalong lalo na sa wikang Filipino, kinakailangan ng guro tulad ko na humanap ng paraan na karaniwa'y humahantong sa paggamit ng unang wika. Ito ang dahilan kung bakit hindi tuluyang nahahasa ang mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa klase. Bukod pa rito, natatagalan din ang pagtatalakay ng guro sa mga lunsarang akda ng kurikulum sa Filipino dahil hindi nauunawaan ng mga mag-aaral ang nilalaman ng akda lalo na kung ito ay tula at gumagamit ng mga matatalinghangang salita.

Ang suliraning ito ay matagal nang kinakaharap ng ating sistema na mas lalong pinalala nang maranasan natin ang pandemya na nagdulot ng malawakang pagbaba sa antas ng komprehensyon ng mga mag-aaral sa buong bansa. Bilang solusyon, kailangang mapag-aralan ang iba't ibang pamamaraan, kagamitan o estratehiya upang mapagtibay at mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa. Kailangang makahanap ng angkop na kagamitan ang isang guro sa Filipino tulad ko upang maging mas makabuluhan at makapukaw-interes ang proseso ng pagpapaunlad ng makrong kasanayan sa pagbasa.

Sa paglinang ng kasanayan sa pagbabasa sa wikang Filipino sa ika-walong baitang, isa sa mga suliranin na nakikita ko ay ang kakulangan ng kaalaman ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. Kahit nababasa nila ang mga salita ay hindi nito nasisiguro na nauunawaan nila ang kanilang binabasa. Karamihan sa kanila ay hirap intindihin ang wikang Filipino na nagiging hadlang sa kanilang pagbabasa ng mga teksto gamit ang wikang ito. Dahil hirap silang intindihin ang binabasang teksto, nahihirapan din silang intindihin ang konsepto ng akda. Nagreresulta ito sa kakulangan ng komprehensyon na masasalamain sa kakayahan ng mag-aaral na tugunan ang mga tanong na hango sa akdang binabasa.

Isa pa sa problemang naranasan ko ay ang kakulangan ng paglahok ng mga mag-aaral. Ito ay nauugat ko sa mga akda na hindi nakukuha ang atensyon at interes ng mga bata. May mga pagkakataon na hindi nila nagugustuhan ang ilang akda dahil ang mga ito raw ay nakakabagot basahin. Dito pumapasok ang pangangailangan na dapat makapagbigay ng mga akda o paraan ang guro na nakakaengganyo at kaakit-akit. Isa rin sa nakikita kong dahilan ay ang kakulangan ng koneksyon ng ibang akda sa buhay ng mga bata. Dahil ang ibang akda ay hindi naman naikokonekta sa buhay ng mga bata, hindi nito nakukuha ang kanilang atensyon at nahahadlangan nito ang konsepto ng pag-uugnay sa tunay na buhay.

Ang pinakamalalang suliranin na naranasan ko ay ang kawalan ng kagustuhan ng bata na matutong bumasa. Sa kabila ng ilang gawaing pampagbasa na ginagawa ng guro tulad ko na karaniwang nagbabago-bago para sa pagbabaka-sakaling matuklasan ang pinakaangkop na paraan para sa bawat bata, hindi pa rin maiiwasan na mayroong mangilang ng ilan sa kanila ang tumatanggi sa pagbabasa. Isang malaking pagsubok ang pagpapabasa sa mga mag-aaral na ayaw bumasa dahil wala silang kumpyansa sa kanilang mga sarili. Talagang hindi malilinang ang kasanayang ito kung hindi sila bukas upang matuto at masubukang magbasa.

Ang pag-aaral na ito ay sinuri ang bisa ng mga manipulativ na kagamitang pampagbasa sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 8 sa Filipino sa Dr. Geronimo B. Zaldivar Memorial School of Fisheries sa Dibisyon ng Leyte. Ang mga resulta ng pag-aaral ay naging batayan para sa isang Plano ng Pagpapabuti.

Partikular, ito ay naglayong sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 8 sa Filipino sa pretest bago ang integrasyon ng mga Manipulativ na Kagamitang Pampagbasa batay sa mga sumusunod na grupo:
  - 1.1 control group; at
  - 1.2 experimental group
2. Ano ang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 8 sa Filipino sa posttest matapos ang integrasyon ng mga Manipulativ na Kagamitang Pampagbasa batay sa parehong grupo?
3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 8 sa Filipino sa pretest at posttest bago at pagkatapos ng integrasyon ng mga Manipulativ na Kagamitang Pampagbasa?
4. Anong plano ng pagpapabuti ang maaring imungkahi batay sa mga natuklasan ng pag-aaral?

Null Hypothesis:

HO: Walang makabuluhang pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 8 sa Filipino sa pretest at posttest bago at pagkatapos ng integrasyon ng mga Manipulativ na Kagamitang Pampagbasa.

## II. METODOLOHIYA

**Design.** Ang iminungkahing disenyo ng pag-aaral ay true experimental. Epektibo ang estratehiyang ito dahil pinayagan nito ang mananaliksik na ihambing ang dalawang grupo: isa na gumamit ng mga manipulativ na materyales

sa pagbasa at isa na gumamit ng mas tradisyonal na mga teknik sa pagbasa. Sa pamamagitan ng pagpili ng dalawang klase sa Baitang 8 mula sa iisang paaralan, natiyak na ang parehong grupo ay may magkatulad na demograpiko at antas ng talino, na tumulong upang ma-account ang mga panlabas na impluwensya. Habang ang kontrol na grupo ay sumunod sa regular na kurikulum nang walang mga materyales na ito, ang experimental na grupo ay isinama ang mga manipulativ na kagamitang pampagbasa sa kanilang mga klase. Ang pag-aaral ay isinagawa sa Albuera National School of Fisheries at ngayon ay tinatawag bilang Dr. Geronimo B. Zaldivar Memorial School of Fisheries. Upang makuha ang kinakailangang datos para sa pag-aaral, ginamit ng mananaliksik ang mga test questionnaires sa Filipino 8 na batay sa iba't ibang kakayahang pampagkatuto sa ikatlong markahan, partikular sa periodical test questionnaires upang subukan ang pagganap. Ang iba pang mga materyales na ginamit ay ang mga materyales na inisyatiba ng guro mula sa mananaliksik upang makatulong sa pagpapatupad ng iba't ibang kakayahang pampagkatuto sa asignaturang Filipino. Ang mga resulta ng pag-aaral ay naging batayan para sa isang plano ng pagpapabuti.

**Pagpili ng sampol.** Ang mga respondent ng pag-aaral ay ang mga mag-aaral sa Baitang 8 (Control- 40, Experimental-40) ng nabanggit na paaralan. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay kinikilala at ang pangunahing paraan ng pag-abot sa kanila ay sa aktwal na pagsasagawa ng pag-aaral pati na rin sa pagkuha ng mga datos sa paaralan kung saan isinagawa ang pag-aaral.

**Mga Pamamaraan sa Pananaliksik.** Humingi ang mananaliksik ng permiso mula sa opisina ng Schools Division Office na pinamumunuan ng ating Schools Division Superintendent na si Dr. Mariza S. Magan, EdD, CESO V sa pamamagitan ng isang Transmittal Letter. Ang parehong nilalaman ng liham ay ibinigay sa Public-School District Supervisor, Punong Guro, at sa mga guro na mayroong pangangalaga sa mga respondente.

Ang mga kagamitang pampananaliksik na ginamit ay ang mga test questionnaires batay sa mga pinakamahalagang kasanayang pampagkatuto sa Filipino 8 na nakatuon sa ikatlong markahan. Ito ay ipinamahagi ng mananaliksik upang matukoy ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 8 na nakabatay sa pagkilala sa salita at pang-unawa, na may kaugnayan din sa kanilang kaalaman sa mga aralin. Matapos ang integrasyon ng nabanggit na interbensyon na tumagal ng isang buwan, isinagawa ang posttest upang suriin kung tumaas o hindi ang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 8.

Ang mga datos ay kinolekta at isinumite sa naaangkop na estadistikang pagsusuri.

**Mga Isyu ng Etika.** Ang karapatang magsagawa ng pag-aaral ay mahigpit na sinunod sa pamamagitan ng pag-apruba ng punong-guro at ang pag-apruba ng Superintendente ng Dibisyon. Ang oryentasyon ng mga kalahok, kabilang ang punong-guro ng paaralan, mga guro, at mga magulang ay isinagawa.

**Pamamaraan ng Istatiska.** Ang mga sumusunod na estadistikang pormula ay ginamit sa pag-aaral na ito:

Ang mga quantitative na tugon ay binilang at inilagay sa talahanayan. Ang mga datos ay sinuri sa estadistikal na paraan gamit ang mga sumusunod na kasangkapan:

Weighted Mean. Ito ay ginamit upang suriin ang pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 8 sa Filipino.

T-Test for Mean Difference - Ang kasangkapang ito ay ginamit upang kalkulahin ang makabuluhang pagkakaiba ng mga pagganap sa pretest at posttest ng mga mag-aaral sa Baitang 8 sa Filipino.

### III. MGA RESULTA AT TALAKAYAN

**Table I**  
**Pre-Test Performance of Grade 8 Learners in Filipino**

Score Range	Description	PRETEST CONTROL		PRETEST EXPERIMENTAL	
		Frequency	%	Frequency	%
33-40	Excellent	0	0	0	0
25-32	Very Good	0	0	0	0
17-24	Good	5	25	6	30
9-16	Fair	13	65	11	55
1-8	Poor	2	10	3	15
Total		20	100	20	100
<b>Weighted Mean</b>		<b>13.25</b>	<b>Fair</b>	<b>14.36</b>	<b>Fair</b>

Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita ng resulta ng pre-test performance ng mga mag-aaral sa Baitang 8 sa asignaturang Filipino. Ito ay kumakatawan sa paghahambing ng mga marka ng mga mag-aaral mula sa control group at experimental group, kung saan ang mga mag-aaral sa experimental group ay gumamit ng manipulativ na kagamitang pampagbasa sa kanilang pag-aaral, samantalang ang mga mag-aaral sa control group ay hindi ginamit ang mga kagamitang ito. Ang talahanayan ay nagpapakita ng pamamahagi ng mga marka sa bawat grupo, pati na rin ang kanilang corresponding weighted mean na nagpapakita ng antas ng kanilang pagganap sa pre-test.

Makikita sa talahanayan na pareho ang grupo (control at experimental) na may mga mag-aaral na nakatanggap ng "Fair" na marka, ngunit may bahagyang pagkakaiba sa kanilang mga weighted mean. Ang control group ay may weighted mean na 13.25, na nagpapakita ng pangkaraniwang pagganap na "Fair," samantalang ang experimental group naman ay may slightly higher weighted mean na 14.36, na naglalarawan din ng "Fair" na antas ng pagganap. Ang mga resulta ng pre-test ay nagpapakita ng magkaparehong antas ng kakayahan sa pagbasa at pag-unawa sa teksto ng mga mag-aaral sa simula ng eksperimento, bagamat may kaunting kalamangan ang experimental group.

Ang mga implikasyon ng mga resulta sa Talahanayan 1 ay nagpapakita ng ilang mahahalagang obserbasyon. Una, ang pre-test performance ng mga mag-aaral sa parehong control at experimental group ay nasa categoryang "Fair," na nangangahulugang may mga aspeto ng kanilang kasanayan sa pagbasa na kailangan pang pagbutihin. Sa kabila ng kaunting pagkakaiba sa weighted mean, ang parehong grupo ay nagsimula sa isang katulad na antas ng kasanayan. Bagama't hindi pa mataas ang mga marka, ang kaunting pagka-advance ng experimental group ay maaaring magbigay ng indikasyon na ang paggamit ng manipulativ na kagamitang pampagbasa ay nagkaroon na ng bahagyang epekto sa kanilang pag-unawa at pagbasa.

Ang resulta sa Talahanayan 1 ay nagpapahiwatig na, bagama't hindi malaki ang pagkakaiba ng pre-test performance ng dalawang grupo, maaaring magbukas ito ng pagkakataon para masusing pag-aralan ang epekto ng manipulativ na kagamitang pampagbasa sa pagpapabuti ng pagganap ng mga mag-aaral. Ang maliit na pagkakaiba sa pagitan ng dalawang grupo sa pre-test ay nagiging isang pundasyon upang masusing suriin kung ang mga estratehiya sa paggamit ng manipulativ na materyales ay makapagbibigay ng mas makabuluhang pagbabago sa kanilang pag-unawa sa teksto.

**Table 2**  
**Post-Test Performance of Grade 8 Learners in Filipino**

Score Range	Description	POST-TEST CONTROL		POST-TEST EXPERIMENTAL	
		Frequency	%	Frequency	%
33-40	Excellent	0	0	5	25
25-32	Very Good	5	25	15	75
17-24	Good	7	35	0	0
9-16	Fair	8	40	0	0
1-8	Poor	0	0	0	0
Total		20	100	20	100
<b>Weighted Mean</b>		<b>20.73</b>	<b>Good</b>	<b>31.98</b>	<b>Very Good</b>

Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita ng resulta ng post-test performance ng mga mag-aaral sa Baitang 8 sa asignaturang Filipino, kabilang ang parehong control group at experimental group. Inihahambing nito ang mga marka ng mga mag-aaral na hindi gumamit ng manipulativ na kagamitang pampagbasa (control group) at ang mga mag-aaral na gumamit ng mga manipulativ na kagamitan sa kanilang mga klase (experimental group). Ang talahanayan ay naglalahad ng bilang at porsyento ng mga mag-aaral sa bawat score range, pati na rin ang kanilang weighted mean, upang ipakita ang kanilang antas ng pagganap sa post-test pagkatapos ng interbensyon.

Makikita sa talahanayan na may makabuluhang pagkakaiba sa mga marka ng dalawang grupo pagkatapos ng interbensyon. Sa control group, ang karamihan ng mga mag-aaral ay may mga marka sa kategoryang "Good" at "Very Good," ngunit walang mag-aaral na nakapasa sa antas na "Excellent." Sa kabilang banda, ang experimental group ay nagpapakita ng mas mataas na porsyento ng mga mag-aaral na nakatanggap ng mga markang "Very Good" at "Excellent." Ang mga mag-aaral na gumamit ng manipulativ na kagamitang pampagbasa ay nagpakita ng mas mataas na antas ng pagganap sa post-test, tulad ng makikita sa weighted mean na 31.98, kumpara sa 20.73 ng control group. Ang pagkakaibang ito ay nagpapakita ng epektibong kontribusyon ng manipulativ na kagamitang pampagbasa sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa sa teksto ng mga mag-aaral.

Ang pagtaas sa marka ng experimental group mula sa "Good" tungo sa "Very Good" at ang pag-usbong ng ilang mag-aaral sa "Excellent" ay nagpapahiwatig na ang mga estratehiyang ito ay may makulay na epekto sa kanilang pag-unawa sa mga teksto at sa kanilang pangkalahatang literasiya. Ang mga mag-aaral sa experimental group ay nagpakita ng mas mataas na pagganap sa post-test kumpara sa mga mag-aaral sa control group, na nagpapakita ng mas mataas na antas ng kasanayan at pagka-unawa sa mga aralin sa Filipino matapos gamitin ang mga manipulativ na kagamitan.

Ang resulta sa Talahanayan 2 ay nagpapahiwatig na ang paggamit ng manipulativ na kagamitang pampagbasa ay may positibong epekto sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 8 sa Filipino. Ang makabuluhang pagtaas ng mga marka sa experimental group ay nagpapakita ng epekto ng mga estratehiya sa pagtuturo sa literasiya, partikular sa pagbasa at pag-unawa sa mga teksto. Ang mga mag-aaral sa experimental group ay nagpapakita ng mas mataas na antas ng pagkatuto, na nagpapatibay na ang paggamit ng mga interaktibong kagamitan ay isang mabisang paraan upang mapabuti ang kasanayan sa Filipino.

**Table 3**
**Test of Difference Between in the Pre-test and the Post-test Scores of the Control and Experimental Groups**

Aspects	Test Scores		Computed T	Critical T	Decision	Interpretation
<b>Control</b>	Pre Post	13.25 20.73	1.336	0.654	Reject H <sub>0</sub>	Significant
<b>Experimental</b>	Pre Post	14.36 31.98	1.894	0.654	Reject H <sub>0</sub>	Significant

Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita ng pagsusuri ng pagkakaiba ng mga marka sa pre-test at post-test sa pagitan ng control at experimental groups. Ginamit ang mga test scores mula sa pre-test at post-test ng parehong grupo upang suriin ang epekto ng manipulativ na kagamitang pampagbasa sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 8 sa asignaturang Filipino. Inilalahad din dito ang computed at critical t-values, pati na rin ang desisyon kung tatanggapin o tatanggihan ang null hypothesis (H<sub>0</sub>). Sa parehong control at experimental groups, ang computed t-values ay mas mataas kaysa sa critical t-values, na nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba sa mga marka ng mga mag-aaral mula sa pre-test hanggang post-test.

Sa pagsusuri ng Talahanayan 3, makikita na may malaking pagbabago sa mga marka ng parehong control at experimental groups pagkatapos ng interbensyon. Sa control group, ang mga mag-aaral ay nakapagtamo ng weighted mean na 13.25 sa pre-test at tumaas sa 20.73 sa post-test. Sa kabilang banda, ang experimental group ay nagkaroon ng weighted mean na 14.36 sa pre-test at tumaas sa 31.98 sa post-test. Ipinapakita nito na ang experimental group na gumamit ng manipulativ na kagamitang pampagbasa ay nagpakita ng mas mataas na pagtaas sa kanilang mga marka kumpara sa control group. Ang mga resulta ng pagsusuri ay nagpapakita na ang manipulativ na kagamitang pampagbasa ay may makulay na epekto sa pagpapabuti ng pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino, at ang mga mag-aaral sa experimental group ay nagpakita ng mas mabilis na pagtaas sa kanilang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa sa teksto.

Ang resulta sa Talahanayan 3 ay nagpapahiwatig na mayroong makabuluhang epekto ang manipulativ na kagamitang pampagbasa sa pagganap ng mga mag-aaral, tulad ng ipinapakita ng mataas na computed t-values sa parehong control at experimental groups. Ang mga resulta ng pagsusuri ay nagpapakita na ang mga mag-aaral na gumamit ng manipulativ na kagamitang pampagbasa ay nagpakita ng mas mataas na pagtaas sa kanilang mga marka mula sa pre-test patungo sa post-test. Samantalang ang control group ay nagpakita ng kaunting pagtaas sa kanilang mga marka, ang experimental group ay mas nagpakita ng malalim na pagbabago, na nagpapatibay sa epektibong papel ng mga manipulativ na kagamitan sa pagtuturo ng Filipino. Ang mga resulta ng pagsusuri ay nagpapakita na ang mga estratehiyang ito ay may potensyal na makapagpalakas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral at makatulong sa kanilang pang-akademikong tagumpay.

**Table 4**
**Test Of Difference Between the Post-Test Scores Of The Control And Experimental Groups**

Aspects	Test Scores		Computed T	Critical T	Decision	Interpretation
<b>Control</b>	Post	20.73	1.742	1.123	Reject H <sub>0</sub>	Significant
<b>Experimental</b>	Post	31.98				

Ang Talahanayan 4 ay nagpapakita ng pagsusuri ng pagkakaiba ng mga marka sa post-test ng control at experimental groups. Ipinapakita ng talahanayan ang mga resulta ng computed at critical t-values para sa parehong grupo matapos ang interbensyon ng manipulativ na kagamitang pampagbasa. Ang layunin ng pagsusuri na ito ay tuklasin kung may makabuluhang epekto ang paggamit ng mga manipulativ na kagamitan sa pagpapabuti ng pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 8 sa Filipino. Makikita sa talahanayan na ang computed t-value ng control group ay 1.742 at ang critical

t-value ay 1.123, kaya tinanggihan ang null hypothesis ( $H_0$ ) ng parehong grupo, na nagmumungkahi ng makabuluhang pagkakaiba sa mga marka.

Sa pagsusuri ng mga resulta ng post-test, ang control group ay nakakuha ng weighted mean na 20.73, na nagpapakita ng "Good" na pagganap. Gayunpaman, ang experimental group, na gumamit ng manipulativ na kagamitang pampagbasa, ay nakakuha ng mas mataas na weighted mean na 31.98, na nagpapakita ng "Very Good" na pagganap. Ipinapakita ng mga datos na may malaking pagtaas sa performance ng mga mag-aaral sa experimental group kumpara sa control group pagkatapos ng paggamit ng mga manipulativ na kagamitan. Ang mga mag-aaral sa experimental group ay nakapagpakita ng mas mataas na antas ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa sa mga teksto ng Filipino, na nagpapahiwatig ng positibong epekto ng interbensyon.

Ang resulta sa Talahanayan 4 ay nagpapahiwatig na may makabuluhang epekto ang manipulativ na kagamitang pampagbasa sa pagpapabuti ng pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino. Ang mataas na computed t-value at ang desisyong tinanggihan ang null hypothesis ( $H_0$ ) ay nagpapakita na ang mga mag-aaral sa experimental group ay nagpakita ng makabuluhang pagtaas sa kanilang mga marka mula sa pre-test hanggang post-test. Ang mga mag-aaral sa experimental group ay nakamit ang "Very Good" na performance, samantalang ang control group ay nanatili sa "Good" na antas. Ipinapakita nito na ang mga manipulativ na kagamitan ay isang epektibong estratehiya sa pagtuturo na nakakatulong sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral sa Filipino.

#### IV. CONCLUSION

Batay sa mga resulta ng pag-aaral na ito, ipinapakita ng Talahanayan 4 ang pagsusuri ng pagkakaiba ng mga marka sa post-test ng control at experimental groups, na nagpapakita ng makabuluhang epekto ng manipulativ na kagamitang pampagbasa sa pagganap ng mga mag-aaral sa Baitang 8 sa Filipino. Ang mataas na computed t-value at ang desisyon na tinanggihan ang null hypothesis ( $H_0$ ) ay nagpapatunay na may malaking pagkakaiba sa pagganap ng mga mag-aaral sa parehong grupo matapos ang interbensyon. Ang mga mag-aaral sa experimental group na gumamit ng manipulativ na kagamitang pampagbasa ay nakapagpakita ng "Very Good" na performance, habang ang control group ay nanatili sa "Good" na antas. Ito ay nagpapakita na ang paggamit ng mga manipulativ na kagamitan ay epektibong nakapagpabuti ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa sa Filipino, na nagreresulta sa positibong epekto sa kanilang akademikong pagganap.

#### V. RECOMMENDATIONS

##### VI.

1. Ang plano ng pagpapabuti ay dapat ipatupad nang may estratehikong pag-iisip.
2. Iminumungkahi na patuloy na gamitin at isama ang manipulativ na kagamitang pampagbasa sa kanilang mga leksyon upang mapabuti ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga teksto. Dapat nilang isaalang-alang ang mga makabagong kagamitan at pamamaraan ng pagtuturo upang mas mapadali ang pagkatuto ng mga mag-aaral at matulungan silang makamit ang mataas na antas ng literasiya sa Filipino.
3. Rekomendado na magbigay ng sapat na pagsasanay at suporta sa mga guro upang maging epektibo ang paggamit ng manipulativ na kagamitang pampagbasa sa pagtuturo. Dapat din silang maglaan ng mga resources at pagkakataon para sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga guro tungkol sa mga estratehiya sa pagbasa at mga bagong pamamaraan ng pagtuturo.
4. Para sa mga Tagapamahala ng Distrito ng mga Pamublikong Paaralan at mga Tagapamahala ng Programang Pang-edukasyon, at sa mga supervisor ay dapat magsagawa ng mga pagsusuri at monitoring upang masiguro ang tamang implementasyon ng mga manipulativ na kagamitan sa buong distrito o rehiyon. Magandang hakbang din na maglaan ng mga materyales at pagsasanay para sa mga guro upang lalong mapabuti ang kalidad ng edukasyon sa Filipino.



5. Ang mga stakeholders, kabilang ang mga lokal na pamahalaan at mga pribadong sektor, ay dapat magbigay ng suporta at pondo para sa mga kagamitan at pagsasanay na kinakailangan sa implementasyon ng mga manipulativ na kagamitang pampagbasa. Ang kanilang paglahok ay makakatulong sa mas malawak na pagkatuto at mas mataas na antas ng pagganap ng mga mag-aaral.
6. Ang mga mananaliksik ay dapat magpatuloy sa pagsusuri ng iba't ibang uri ng manipulativ na kagamitan at estratehiya sa pagbasa upang matukoy ang pinakamabisang pamamaraan na makakatulong sa pagpapabuti ng literasiya ng mga mag-aaral. Dapat nilang suriin ang pangmatagalang epekto ng mga kagamitang ito sa pagganap ng mga mag-aaral.
7. Inirerekomenda na magsagawa ng mas malalim na mga pag-aaral na tumatalakay sa iba't ibang aspeto ng manipulativ na kagamitang pampagbasa, pati na rin ang epekto nito sa iba pang mga asignatura. Mahalaga ring mapag-aralan ang mga implikasyon ng mga interbensyon sa mga mag-aaral mula sa iba't ibang kalagayan o grupo ng edad.

### ACKNOWLEDGEMENT

Nais ipahayag ng mananaliksik ang kanyang taos-pusong pasasalamat sa mga sumusunod na naging bahagi ng tagumpay ng pag-aaral na ito:

Kay Dr. Bryant C. Acar, Tagapangulo, para sa kanyang paghikayat at walang sawang pagsisikap sa pagpapabuti ng pag-aaral na ito;

Kay Dr. Elvin H. Wenceslao, tagapayo ng mananaliksik, para sa kanyang mahahalagang mungkahi, buong suporta, at paghikayat;

Kay Dr. Jasmine B. Misa at Dr. Annabelle A. Wenceslao, bilang mga kasapi ng Lupon ng Tagasuri, para sa kanilang propesyonal na mungkahi at rekomendasyon na naging daan sa katuparan ng pag-aaral na ito;

Kay Gng. Mariza S. Magan, CESO V, Superintendente ng Dibisyon ng Leyte, sa pag-apruba sa pagsasagawa ng pag-aaral sa Dr. Geronimo B. Zaldivar Memorial School of Fisheries sa Dibisyon ng Leyte;

Kay Gng. Divina W. Dalanon, Tagapamahala ng Distrito ng Pamublikong Paaralan, sa pagbibigay ng pahintulot na isagawa ang pag-aaral sa Dr. Geronimo B. Zaldivar Memorial School of Fisheries sa Albuera North District;

Kay Gng. Evangeline M. Adre, Punong-Guro, sa pagbibigay ng pahintulot na isagawa ang pag-aaral sa Dr. Geronimo B. Zaldivar Memorial School of Fisheries;

Sa mga respondente ng Dr. Geronimo B. Zaldivar Memorial School of Fisheries, para sa kanilang katapatan at pakikiisa sa pagbibigay ng kinakailangang datos;

Sa pamilya ng mananaliksik, na ang walang kondisyong pagmamahal at pang-unawa ay nagsilbing inspirasyon upang matapos ang aklat na ito.

Higit sa lahat, sa Poong Maykapal, para sa mga biyaya at pagkakataong ibinigay upang ipagpatuloy ang pag-aaral na nagdulot ng propesyonal na pag-unlad. Higit pa rito, lubos ang pasasalamat para sa Kanyang gabay at liwanag.

Sa lahat ng tumulong upang maisakatuparan ang pananaliksik na ito, taos-pusong pasasalamat!

---

**VII. REFERENCES**

- [1] Alonzo, E. (2021). Kahalagahan ng mga manipulativ na materyales sa pagkakaroon ng mas masaya at nakakaengganyong karanasan sa pag-aaral ng mga mag-aaral.
- [2] Bautista, R. (2017). Paano nakakatulong ang mga manipulativ na kagamitang pampagbasa sa pagpapabuti ng mga estratehiya sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino.
- [3] Bayani, M. (2019). Ugnayan ng paggamit ng mga manipulativ na kagamitang pampagbasa at pagtaas ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa mga pagsusulit.
- [4] Cruz, L. (2018). Mga manipulativ na materyales at ang pagbuo ng tiwala sa sarili ng mga estudyante.
- [5] Lazo, T. (2022). Integrasyon ng mga manipulativ na kagamitang pampagbasa sa pagtuturo at ang positibong pananaw ng mga estudyante sa asignaturang Filipino.
- [6] Villanueva, K. (2017). Benepisyo ng mga manipulativ na kagamitang pampagbasa sa mga mag-aaral na may iba't ibang estilo ng pagkatuto.

**AUTHOR'S PROFILE****JOSHUA BALDON MANATAD**

Ang may-akda ay ipinanganak noong ika-25 ng Marso, 1998, sa Pintuyan, Southern Leyte. Isa siyang guro ng wika na masigasig sa larangan ng edukasyong Filipino. Sa murang edad, nagkaroon siya ng matinding interes sa wika, paggawa ng pelikula, at pagsusulat. Ang kanyang talento sa pagsasalaysay at pagsulat ng lathalain ay naging kapansin-pansin habang siya ay nag-aaral sa sekondarya, kung saan siya ay naging mahusay na manunulat sa pampaaralang pahayagan. Nagpatuloy siya ng mas mataas na edukasyon sa Visayas State University - Main Campus, kung saan nagtapos siya bilang Magna Cum Laude sa kursong Bachelor of Secondary Education, Major in Filipino at naging pangatlo sa Class of 2018. Mas lalo pang nahasa ang kanyang kakayahan sa pamumuno noong kolehiyo nang magsilbi siyang Pangulo ng Kapisanan ng mga Filipino Majors, isang organisasyong pangmag-aaral na nakatuon sa wikang Filipino. Sa kasalukuyan, tinatapos niya ang kanyang akademikong paglalakbay sa pamamagitan ng pagkuha ng Master of Arts in Education, Major in Filipino sa Western Leyte College, Ormoc City. Kasalukuyan rin siyang nagsisilbi bilang Guro I na may espesyalisasyon sa Filipino at Media Arts sa Dr. Geronimo B. Zaldivar Memorial School of Fisheries. Dala ang matibay na kaalaman sa wika, pamamahayag, at pamumuno, patuloy na nagbibigay-inspirasyon ang may-akda sa mga mag-aaral at nagsusulong ng kahalagahan ng wikang Filipino, panitikan, at integrasyon ng midya sa edukasyon.